



# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN  
Ika-4 ng Oktubre, 2024

## Ang mga Balota ay Ipapadala sa mga Rehistradong Botante para sa Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon

Mahigit 1.9 milyong balota ang paparating na sa mga rehistradong botante ng County para sa [Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre](#). Dapat matanggap ng mga botante ang kanilang mga balota sa linggo ng Lunes, Ika-7 ng Oktubre. Ang opisyal na pakete ng balota ay magsasama rin ng "Bumoto Ako" na sticker.

Sa malaking bilang ng mga kontest sa balota, ang proseso ng pagboto ay maaring magtagal kaysa karaniwan kaya't inirerekomenda ng opisina ng Tagapagrehistro ang pagboto nang maaga.

Maaari kayong bumoto mula sa inyong tahanan at ibalik ang inyong binotohang balota sa pamamagitan ng koreo – hindi kinakailangan ng selyo – o sa alinmang mga [opisyal na ballot drop box](#) ng Tagapagrehistro simula Martes, Ika-8 ng Oktubre hanggang sa huling araw ng pagboto sa Martes, Ika-5 ng Nobyembre.

Tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalik ng balota. Kailangan ninyong pirmahan ang sobreng pagbabalik ng balota upang ang inyong boto ay mabilang.

Ang mga botanteng magbabalik ng kanilang balota sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring i-track ito sa pamamagitan ng pag-sign up para sa "[Nasaan ang Aking Balota?](#)".

Maaari kayong bumoto nang personal kapag nagsimula ang maagang pagboto sa Lunes, Ika-7 ng Oktubre sa [opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa](#). Ang mga oras ng operasyon ay mula Ika-8 ng umaga hanggang Ika-5 ng hapon mula Lunes hanggang Biyernes.

Ang mga botanteng boboto nang personal ay magkakaroon ng mas maraming opsyon na gawin ito kapag ang [39 na mga vote center](#) ay magbubukas araw-araw mula Ika-8 ng umaga hanggang Ika-5 ng hapon simula Sabado, Ika-26 ng Oktubre.

Sa Sabado, Ika-2 ng Nobyembre, magbubukas [ang karagdagang 200 na vote center](#). Ang mga lokasyon ay magbubukas araw-araw mula Ika-8 ng umaga hanggang Ika-5 ng hapon hanggang sa Ika-4 ng Nobyembre. Sa huling araw ng botohan, Martes, Ika-5 ng Nobyembre, lahat ng mga vote center at mga opisyal na ballot drop box ay magbubukas mula Ika-7 ng umaga hanggang Ika-8 ng gabi.



# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN  
Ika-4 ng Oktubre, 2024

Kung plano ninyong bumoto nang personal, maging handa. Basahin ang inyong pamplet at markahan ang inyong mga pinili sa sampol na balota nang maaga. Kapag pumasok ka sa booth ng botohan sa vote center, maaari kayong sumangguni sa inyong mga pagpipilian sa sampol na balota upang maginhawang markahan ang inyong mga pinili sa inyong opisyal na balota.

Maaari kayong makahanap ng lokasyon ng vote center o opisyal na ballot drop box na malapit sa inyo sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyong tingnan ang inyong pamplet online gamit ang tool na [Tingnan ang Isang Pamplet ng Impormasyon ng Botante \(Sampol na Balota\)](#) sa [sdvote.com](https://sdvote.com)

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre sa [sdvote.com](https://sdvote.com), o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER   